



Gabay sa Paghahain ng Reklamo

Ang Kodigo sa Karapatang Pantao (“Ang Kodigo”) ay isang batas pamprobinsiya na nagpapahintulot sa sinumang tao na naniniwalang sila ay nadiskrimina na maghain ng reklamo sa The Manitoba Human Rights Commission (“Komisyon”). Sinasabi nito na ang mga tagapag-empleyo, tagapagbigay ng serbisyo at namamahala ng lupa ay hindi dapat magdiskrimina nang walang makatwirang dahilan para gawin ito.

Diskriminasyon ba ang nangyari sa akin?

Ang diskriminasyon ay **ang pagtrato sa isang tao sa ibang paraan** sa kanilang kawalan dahil sa isang protektadong katangian sa ilalim ng *Kodigo*, nang walang makatwirang dahilan para gawin ito. Ang mga protektadong katangian sa ilalim ng *Kodigo* ay mga aspeto ng personal na pagkakakilanlan na kinabibilangan ng ninuno o lahi; nasyonalidad; relihiyon o paniniwala; etnikong pinagmulan; edad; kasarian (kabilang ang pagbubuntis); pagkakakilanlan ng kasarian; sekswal na oryentasyon; katayuan sa pag-aasawa o pamilya; pinagmumulan ng kita; paniniwalang pampulitika; pisikal o mental na kapansanan; panlipunang kawalan; at rekord ng kriminal.

Diskriminasyon din ang **pagkabigo na makatwirang tanggapin** ang mga espesyal na pangangailangan ng isang tao batay sa isa sa mga katangiang iyon sa *Kodigo*. Ang Komisyon ay maaaring tumanggap ng mga reklamo batay sa pagiging miyembro ng iba pang pangkat na may kasaysayan ng kapansanan, pagkatapos ng karagdagang pakikipag-usap sa isang Intake Officer.

Harassment ba ang nangyari sa akin?

Ang harassment ay isang uri ng diskriminasyon. Ang harassment ay isang pattern ng mapanghamak na pag-uugali na konektado sa isa sa mga katangian sa *Kodigo* at kasama rin dito ang sekswal na panliligalig.

Paghihiganti ba ang nangyari sa akin?

Ang paghihiganti ay ang paggawa ng aksyon laban sa isang tao para sa paghahain ng reklamo, paglahok sa proseso ng reklamo o pagtanggap na labagin ang *Kodigo*.

Maaari bang magsampa ng reklamo ang sinuman? Mayroon bang limitasyon sa oras?

Maaaring magsampa ng reklamo ang sinumang tao na nagsasabing may ibang taong lumabag sa *Kodigo*. Ang mga reklamo ay dapat na mairehistro sa loob ng isang (1) taon ng mula sa di-umano'y aksyon ng diskriminasyon. Sa ilang mga kaso, ang limitasyon sa oras ay maaaring pahabain.

Paano ako magsasampa ng reklamo?

Kung naniniwala kayo na nadiskrimina kayo, mangyaring makipag-ugnayan sa Komisyon at tutulungan kayo ng intake officer. Ang aming mga serbisyo at publikasyon ay magagamit sa Pranses at Ingles at naa-access ng mga taong may kapansanan. Maaari rin kaming magbigay ng tagasalin kapag hiniling. Walang bayad para sa paghahain ng reklamo sa karapatang pantao o para sa paghingi ng payo tungkol sa isang alalahanin sa karapatang pantao.

Ang kawani ng Komisyon ay walang kinikilingan at hindi nagtataguyod sa panig ng alinmang partido.

Anong impormasyon ang kailangan kong ibigay?

Kung ang inyong isyu ay nasasakop ng *Kodigo*, hihilingin sa inyo ng isang Intake Officer na kumpletuhin ang isang Intake Questionnaire Form. Ang form na ito ay makakatulong sa amin na balangkasin ang inyong reklamo. Gagamitin namin ang form at ang impormasyong ibibigay ninyo para matukoy ang organisasyon o tao (“ang sumasagot”) na inyong inirereklamo (“ang nagrereklamo”). Ang mga kawani ay mangangalap din ng impormasyon tungkol sa inyong mga paratang ng diskriminasyon, tulad ng kung ano ang nangyari at kung ano ang inyong pinaniniwalaan na dahilan ng diskriminasyong pagtrato. Maaaring tanungin kayo tungkol sa mga posibleng testigo at iba pang impormasyon na nauugnay sa inyong reklamo, tulad ng mga talaang medikal, pangungupahan, o talaan ng pagtatrabaho tulad ng mga check stub o Talaan ng Pagtatrabaho. Depende sa inyong reklamo, maaari ring hilingin sa inyo na lumagda sa medikal o iba pang mga form ng pahintulot para makuha namin ang impormasyong kinakailangan para siyasatin ang inyong reklamo.

Ang mga Intake Officer ay maaaring humingi sa inyo ng iba pang mga dokumento na makakatulong sa pagsisiyasat ng inyong reklamo. Ilalagay nila ang impormasyong ito sa inyong file. Kung iniimbestigahan ang inyong reklamo, hihilingin sa inyo ng Imbestigador ang mga dokumento o anumang iba pang ebidensya na maaaring kailanganin nila para imbestigahan ang inyong reklamo. Kung mayroon kayong mga dokumento o iba pang materyal na pinaniniwalaan ninyong may kaugnayan sa inyong reklamo, dapat ninyong itago ang mga ito nang mabuti para maibigay ang mga ito sa Imbestigador.

Kanino ako magrereklamo?

Tutulungan kayo ng aming mga Intake Officer na magpasya kung kanino isasampa ang reklamo sa pamamagitan ng pagrerepaso sa mga dokumento (gaya ng T4 o Talaan ng Pagtatrabaho) at pagsasaliksik sa legal na pangalan ng organisasyon. Dahil *Ang Kodigo* ay nalalapat sa mga aksyon ng mga tagapag-empleyo, tagapagbigay ng serbisyo at tagapagbigay ng pabahay, malamang na ang reklamo ay laban sa isang kumpanya o organisasyon. Sa ilang mga kaso, ang reklamo ay maaaring ihain laban sa

Ang gabay na ito ay makukuha sa mga alternatibong format.
Ce guide est disponible en français.

isang partikular na indibidwal (tulad ng kapag ang isang tao ay hinarass ng may-ari ng isang negosyo o kung ang tagapagbigay ng pabahay ay isang indibidwal).

Maaari ba akong bigyan ng payo ng Komisyon?

Ang aming mga Intake Officer ay hindi makakapagbigay ng legal na payo. Maaari silang magbigay ng impormasyon tungkol sa *Kodigo*; mga prinsipyo nito at kung ano ang saklaw nito. Maaari rin silang magbigay ng mga mungkahi batay sa kanilang karanasan. May karapatan ka sa isang abogado, ngunit hindi ito kinakailangan. Ang kawani ng Komisyon ay walang kinikilingan at hindi nagtataguyod sa panig ng alinmang partido.

Ano ang ginagawa ng Komisyon sa aking reklamo?

Kukunin ng aming mga Intake Officer ang impormasyong ibibigay ninyo sa Intake Questionnaire form at maghahanda ng reklamo gamit ang aming karaniwang form. Dapat ay malinaw na mailatag ng reklamo ang batayan para sa inyong reklamo at kadalasan ay 1 o 2 pahina lamang ito.

Ang reklamo ay kailangang nakarehistro bago ito ibigay sa sasagot para sa isang sagot. Pagkatapos ay tutukuyin ng Komisyon kung maaari nitong imbestigahan ang reklamo. Sa ilang mga kaso, ang mga reklamo ay idi-dismiss nang walang pagsisiyasat kung ang mga ito ay hinarap sa ilalim ng isa pang legal na proseso, o kung ang mga aksyong inirereklamo ay hindi saklaw ng *Kodigo*. Para sa higit pang impormasyon sa prosesong ito, tingnan ang aming *Gabay sa Maagang Pagtatasa at Dismissal nang walang Imbestigasyon*.

Sa mga kaso kung saan iniimbestigahan ng Komisyon ang reklamo, susuriin ng Executive Director ng Komisyon ang mga natuklasan sa pagsisiyasat. Kung magpasya ang Executive Director na mayroong sapat na ebidensya ng diskriminasyon, hihilingin nila na ang isang tagahatol ay gumawa ng pinal na desisyon sa isang pampublikong pagdinig ng reklamo. Kung magpasya ang Executive Director na ang mga paratang sa reklamo ay hindi saklaw ng *Kodigo*, ay hinarap sa ilalim ng isa pang *Batas*, o hindi sinusuportahan ng sapat na ebidensya ng diskriminasyon, idi-dismiss nila ang reklamo. Para sa higit pang impormasyon sa proseso ng pagsisiyasat, tingnan ang aming *Gabay sa Imbestigasyon*. Para sa impormasyon sa mga pampublikong pagdinig, tingnan ang aming *Gabay sa Paghatol*.

Mag-aalok din ang Komisyon ng pamamagitan sa iba't ibang panahon sa proseso. Para sa higit pang impormasyon sa proseso ng pamamagitan, tingnan ang aming *Gabay sa Pamamagitan*.

Maaari ba akong makakuha ng tulong nang hindi nagsasampa ng pormal na reklamo?

Depende sa uri ng inyong isyu, maaaring makatulong ang kawani ng Komisyon na lutasin ang inyong alalahanin gamit ang pamamagitan bago ang reklamo. Sa inyong kasunduan, tatawagan ng isang kawani ng Komisyon ang tao o organisasyon na pinaniniwalaan

Ang gabay na ito ay makukuha sa mga alternatibong format.
Ce guide est disponible en français.

ninyong nagdiskrimina sa inyo at susuriin ang posibilidad na maabot ang isang resolusyon sa isang impormal na batayan, nang walang nakasulat na reklamo. Ang pamamagitan bago ang reklamo ay boluntaryo, at nangangailangan ng inyong pakikilahok pati na rin ang potensyal na sumasagot. Ang mga talakayan sa pakikipagkasundo bago ang reklamo ay pinananatiling kumpidensyal at hindi ibinubunyag kung ang usapin ay magpapatuloy sa isang pormal na reklamo.

Maraming partido ang nakahanap ng kasiya-siyang resolusyon o paliwanag sa pamamagitan ng prosesong ito dahil ito ay mabilis at impormal. Ang anumang kasunduan na maaabot ninyo sa potensyal na sumasagot ay nakalagay sa isang liham sa inyong dalawa, para maiwasan ang hindi pagkakaunawaan. Sa karaniwan, ang inyong intake file sa amin ay hindi isasara hanggang sa matapos na maisagawa ang mga tuntunin ng kasunduan. Kung hindi makumpleto ng potensyal na sumasagot ang kasunduan, maaari kayong makipag-ugnayan sa amin at muli naming titingnan ang usapin.

Itinuloy na namin ang aming mga alalahanin sa aming unyon o sa pamamagitan ng isa pang legal na proseso. Maaari rin ba akong magsampa ng reklamo sa karapatang pantao?

Kung itinuloy na ang inyong mga isyu sa inyong unyon o sa pamamagitan ng ibang legal na forum (tulad ng Social Services Appeal Board, Workers Compensation Board, o sa pamamagitan ng Mga Korte), maaaring kailanganin ng Komisyon na i-dismiss ang inyong reklamo nang hindi ito iniimbestigahan. Tinitiyak nito na ang parehong isyu ay hindi hinahabol sa pamamagitan ng maraming

legal na forum at iginagalang ng Komisyon ang awtoridad ng iba pang mga legal na gumagawa ng desisyon. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang aming *Gabay sa Maagang Pagtatasa at Dismissal nang walang Imbestigasyon*.

Kung itinuloy ninyo ang inyong usapin sa pamamagitan ng ibang forum, mangyaring ipaalam ito sa inyong Intake Officer. Ire-refer nila kayo sa iba pang mga suporta o ahensya, kung saan naaangkop.

Ang gabay na ito ay makukuha sa mga alternatibong format.
Ce guide est disponible en français.